**Setyembre 23, 2024**
Mahalagang paunawa mula sa Departamento ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services) tungkol sa:

# D-2024-Programang Insentibo sa Kalidad-003: Direktoryo ng Tagapagbigay (Provider)

## Ano ang Dapat Malaman

Pinangangasiwaan ng Departamento ang Programang Insentibo sa Kalidad (Quality Incentive Program o QIP) para sa mga tagapagbigay ng serbisyo ng sentrong pangrehiyon. Ang layunin ng QIP ay pahusayin ang mga serbisyo sa mga indibidwal at pamilya sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga layunin para matugunan ng mga tagapagbigay ng serbisyo (service provider). Ang QIP ay nagbibigay sa mga tagapagbigay ng serbisyo ng hanggang 10 porsiyento ng kanilang modelong singil (rate model's rate) batay sa pagtugon sa mga layuning konektado sa kalidad ng kanilang mga serbisyo.

Ang direktibang ito ay ipinapaliwanag kung paano maaaring lumahok ang mga tagapagbigay ng serbisyo sa QIP at makakuha ng mga pagbabayad ng insentibo sa pamamagitan ng pagkumpleto ng mga aktibidad para sa bagong "Direktoryo ng Tagapagbigay."

Ang Kagawaran ay nangangalap ng impormasyon ng tagapagbigay ng serbisyo sa isang solo, sentralisado, online na portal. Ang Direktoryo ng Tagapagbigay ay gagawing mas madaling mahanap at magamit ang impormasyon tungkol sa mga tagapagbigay. Ang Direktoryo ng Tagapagbigay ay ilulunsad sa ilang yugto, at magdadagdag ng mga tampok na mga bahagi sa paglipas ng panahon na magiging kapaki-pakinabang sa ating komunidad.

## Ano ang Magbabago

Maaaring matugunan ng mga ng serbisyo ang mga layunin ng QIP sa pamamagitan ng pagkumpleto ng iba't ibang aktibidad na nauugnay sa bagong direktoryo ng tagapagbigay sa buong estado. Ang pagtugon sa mga layunin ay gagawin silang karapat-dapat para sa isang beses na kabuuan (lump sum) na pagbabayad. Ang mga tagapagbigay na kasama sa reporma sa singil (rate) na may mga singil (rate) na mas mababa sa 100 porsiyento ng modelo ng singil (rate) ay magiging karapat-dapat din para sa isang de-kalidad na pagbabayad ng insentibo na hanggang 10 porsiyento ng modelo ng singil (rate).

Ang unang hakbang upang gawin ang direktoryo ng tagapagbigay na ito ay ang makipagtulungan sa mga tagapagbigay ng serbisyo upang matiyak na ang lahat ng kanilang impormasyon para sa direktoryo ay napapanahon at tama. Ang hinaharap na hakbang ng proyekto ng direktoryo ng tagapagbigay ay gawing madaling magamit ang direktoryo ng tagapagbigay sa online sa mga indibidwal at pamilya upang matulungan silang makahanap ng mga serbisyo nang mas madali.

## Mga tanong?

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa direktiba na ito, maaari mong tanungin ang iyong (mga) tagapagbigay ng serbisyo para sa higit pang impormasyon.

## Matuto pa

Kung gusto mong matuto nang higit pa tungkol sa Programang Insentibo sa Kalidad (Quality Incentive Program), pakibisita ang: https://www.dds.ca.gov/rc/vendor-provider/quality-incentive-program. Upang matuto nang higit pa tungkol sa Direktoryo ng Tagapagbigay, bisitahin ang: https://www.dds.ca.gov/initiatives/provider-directory.

DDS Department of Developmental Services